


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 1
Ang Kahalagahan ng Mabuting Pagpapasiya
sa Uri ng Buhay na Nais



Edukasyon sa Pagpapakatao 7

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Ang Kahalagahan ng Mabuting Pagpapasiya sa Uri ng Buhay na Nais

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jerome S. Catamio
Editor:	Florenil M. Malabayabas
Tagasuri:	Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo
Tagaguhit:	Ulysis J. Galloniga
Tagalapat:	Jerome S. Catamio, Ivan Paul V. Damalerio
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig City

Telefax: 02-8631-4070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1
Ang Kahalagahan ng Mabuting Pagpapasiya
sa Uri ng Buhay na Nais**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay binubuo ng isang aralin tungkol sa kahalagahan ng makabuluhang pagpapasiya sa uri ng buhay upang maging isang ganap ang iyong pagkatao.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng makabuluhang pagpapasiya sa uri ng buhay. (EsP7PB-IVc-14.1)
2. Naiisa-isa ang mga hakbang sa paggawa ng wastong pasiya.
3. Nakabubuo ng isang mabuti at akabuluhang pasiya sa uri ng buhay na nais.



Subukin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang salita o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa anomang proseso ng pagpapasiya, alin sa mga sumusunod ang kinakailangan isaalang-alang upang hindi maging padalos-dalos ang pasiya?
 - A. himala
 - B. pangarap
 - C. panahon
 - D. mithiin
2. Ayusin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagbuo ng mabuting pagpapasiya.
 - I. Mangalap ng mga kaalaman
 - II. Hingin ang gabay ng Diyos sa isasagawang pagpapasiya
 - III. Magnilay sa mismong aksiyon
 - IV. Pag-aralan muli ang pasiyang ginawa
 - V. Tayain ang sariling damdamin sa isasagawang pasiya
 - A. I, III, II, V, IV
 - B. III, IV, I, IV, V
 - C. I, III, V, IV, II
 - D. III, II, I, V, IV

3. Bakit mahalaga na magkaroon ng mabuti at tamang pagpapasiya sa buhay?
 - A. upang hindi makasakit ng kapwa
 - B. upang makilala mo kung sino ang tunay mong mga kaibigan
 - C. upang makatanggap ng pabuya sa huli
 - D. maging gabay sa pagkakaroon ng makabuluhang buhay at ganap na pagkatao

4. Nakita ni Ethel ang isang grupo na nangunguha ng mga *endangered species* na *pitcher plant*. Pinaalalahanan niya ang mga ito na labag sa batas ang kanilang ginagawa subalit hindi sila nakinig. Tumawag agad siya sa kanilang kapitan upang iulat ang sitwasyon. Anong instrumento sa mabuting pagpapasiya ang ginamit ni Ethel sa ginawang pasiya?
 - A. pangarap at mithiin
 - B. isip at damdamin
 - C. kasanayan at kalooban
 - D. pag-ibig at pagkukusa

5. Ayon sa ginawang pasiya ni Ethel, ano ang naging gampanin ng kanyang isip?
 - A. Pagtatakda ng gampanin batay sa sitwasyon
 - B. Pag-unawa ng sitwasyon upang maging batayan sa pagpili
 - C. Pagpapahalaga sa magiging resulta
 - D. Pagdamdam ng napiling pasiya

6. Pangarap ni Demar maging isang *licensed engineer*. Nakapasa siya sa *entrance exam* sa unibersidad. Kinausap siya ng *guidance counselor* upang alamin kung anong *field* ng *engineering* ang kukunin niya. Matapos magpasiya ni Demar ay may agam-agam pa din siya. Ano ang dapat niyang gawin?
 - A. Sundin ang gusto ng mga kaibigan.
 - B. Kumuha ulit ng panibagong pagsusulit sa ibang kurso.
 - C. Pag-aralan muli ang iyong pasiya na may kalakip na mas ibayong pagsusuri.
 - D. Kausapin ang *guidance counselor* na siya na ang magpasiya.

7. Habang kayo ay kumukuha ng pagsusulit sa asignaturang EsP, bumulong sayo ang iyong kaklase at humingi ng pabor na pakopyahin siya ng mga sagot mo. Anong mabuting pagapapsya ang gagawin mo?
 - A. Pagbibigyan mong makita ang iyong mga sagot.
 - B. Magpapanggap ka na hindi mo siya narinig.
 - C. Hihingi ka ng pasensya at tatanggihan mo siya.
 - D. Sasabihin ang mga maling sagot sa kaniya upang bumagsak.

8. Para kay Mahatma Gandhi, ang panalangin ay isang aliyansa sa pagitan ng Diyos at ng tao. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito?
- A. Ang relihiyon ang tanging makapagliligtas sa tao.
 - B. Dapat ay magsimba lagi tuwing araw ng Linggo.
 - C. Ang panalangin lamang ang tanging sagot sa lahat ng katanungan sa buhay.
 - D. Ang panalangin ang daan upang maiparating sa iyong pinaniniwalaang Diyos ang mga kahilingan.
9. Bilang isang indibidwal, ano ang dapat mong taglayin upang harapin ang mga isyung panlipunan sa susukat sa iyong moral na paninidigan? Kailangan mo ang sapat na kaalaman at kakayahan tungkol sa _____.
- A. pagsasagawa ng moral na pagpapasiya
 - B. pagbibinata at pagdadalaga
 - C. patakaran sa paaralan at tahanan
 - D. pagkakaiba ng pangarap at mithiin
10. Alin sa mga sumusunod ang HINDI angkop na depinisyon ng mabuting pagpapasiya?
- A. Ito ay pagpapasiya na ayon sa impluwensya ng iba.
 - B. Isang proseso kung saan malinaw na nakikilala o nakikita ng isang tao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay-bagay.
 - C. Ito ay resulta ng pagpili ng kilos o aksyon ng isang indibidwal sa isang sitwasyon.
 - D. Ito ay mahalagang proseso sa ating pagpili dahil sa pagsasagawa nito, hindi maiiwasan na tayo ay magdalawang isip sa ating gagawing pasiya.

Aralin**1****Ang Kahalagahan ng
Makabuluhang Pagpapasiya
sa Uri ng Buhay**

Ang lahat ng kilos ng tao ay bunga ng proseso ng pagpapasiya. Nagmumula ito sa simpleng pagpapasiya katulad ng: kung anong damit ang isusuot, kung kakain ba ng hapunan, hanggang sa mga komplikadong pagpapasiya katulad ng kung papasok ba o hindi sa paaralan, kung anong *track* sa *Senior High School* ang iyong pipiliin o maging kurso at propesyon na nais sa hinaharap. Alinman sa mga ito ay nangangailangan ng kasanayan upang makagawa ng matalinong pasiya lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng moral na pagkilos.

**Balikan****GAWAIN 1: Balik-Tanaw**

Panuto: Isulat sa kwaderno ang salitang tinutukoy sa mga sumusunod na tanong. Pumili sa mga salitang nakasulat sa kahon na may kaugnayan sa pansariling salik sa pagpili ng karera.

- | |
|--|
| A. Hilig
B. Talento
C. Kasanayan
D. Mithiin
E. Pagpapahalaga |
|--|

1. Ito ang salik na may malaking bahagi sa pagtaamo ng iyong mga naiisin sa buhay.
2. Isa sa mga katangian ng tao na may pagsisikap na abutin ang mga ninanais sa buhay at makapaglingkod ng may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad ng ekonomiya.
3. Sinasalamin nito ang mga paboritong gawin na nagpapasaya sa iyo dahil gusto mo at buo ang iyong puso na ibigay ang lahat ng makakaya nang hindi nakakaramdam ng pagod o pagkabagot.
4. Ito ay iniiugnay sa mga salitang abilidad, kakayahan o kahusayan.
5. Ito ay pambihirang biyaya at likas na dapat tuklasin dahil ito ang magsisilbing batayan sa pagpili ng track o kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay.



Tuklasin

GAWAIN 2: Timbang Pili

Ilista ang iyong mga nais makamit sa iyong buhay. Maaaring ito ay materyal na bagay, nais na *career* o trabaho sa hinaharap o mga katayuan na nais makaamit. Maaari ring magtukoy nang higit sa lima. Matapos itong mailista, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

ANG MGA NAIS KO SA BUHAY

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Gabay na tanong:

1. Ano ang nararamdaman mo habang nagtatala ng mga bagay na iyong nais? Bakit?
2. Mula sa iyong mga nilistang nais sa buhay, ano-ano ang tatlong pinakamahalagang nais mo?
3. Naging mahirap ba ang pagpili mo sa tatlong ito o madali? Bakit?
4. Ano ang iyong mga naging batayan upang piliin ang mga ito?
5. Sa iyong palagay, ano ang mga pamamaraan na kinakailangan natin upang makapili o makagawa ng pasiya para sa ating buhay?



Suriin

GAWAIN 3: Basa-Suri

Basahin at unawain ang sanaysay upang masagot ang mga tanong pagkatapos mong bumasa. Handa ka na ba? Ano pa ang iyong hinihintay? Halika sabay tayong magbasa.

Ang Proseso ng Paggawa ng Mabuting Pasiya

Isa sa mga pangunahing makatutulong upang ang isang tao ay maging matagumpay, masaya, at magkaroon ng kakayayahan na makapag-ambag para sa kaunlaran ng lipunan ay ang turuan siya na makagawa ng mabuting pagpapasiya.

Ang **mabuting pagpapasiya** ay isang proseso kung saan malinaw na nakikilala o nakikita ng isang tao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay-bagay. Ito rin ay resulta ng pagpili ng kilos o aksyon ng isang indibidwal sa isang sitwasyon. Mahalaga ang prosesong ito sa ating pagpili dahil sa pagsasagawa nito, hindi maiiwasan na tayo ay magdalawang isip sa ating gagawing pasiya.

Ang mga pagpapasiyang isasagawa hanggang sa pagtanda ay ang siyang magdidikta kung anong uri ng buhay sa hinaharap at kung anong landas ang iyong pipiliing tahakin. Ngayong ikaw ay nasa yugto na ng pagbibinata o pagdadalaga, mahalaga na mabigyan na ng kakayahan na magpasiya para sa iyong sarili ngunit may mga pagkakataon na kinakailangan pa rin ng patnubay ng iyong magulang o nakatatanda.

Ang una at pinakamahalagang sangkap sa pagpapasiya ay **panahon** upang makagawa ng mabuting pagpapasiya. Kadalasan na ito ang una nating hinihingi upang makagawa ng pagpapasiya sa anumang bagay na inaasahan sa atin. Mahalaga ito upang higit na mapagisipang mabuti ang mga pagpipilian at makapili ng tamang pagpapasiya upang hindi magsisi sa huli.

Ang instrumento sa mabuting pagpapasiya ay ang **isip**. Sa pamamagitan ng ating isip, tayo ay naghahanap ng mga impormasyon, nagninilay at tinitimbang ang mga maaaring pasiya, pamimilian at kahihitnatnan ng pasiya. Madalas kumukunsulta tayo sa ating magulang, guro o mga eksperto upang magabayan tayo sa pagpapasiya. Itinatala natin at iniipon ang mga datos tungkol sa suliraning nais nating malutas. Matapos magsuri, higit nating nakikita nang walang kinikilingan ang tamang tunguhin. Halimbawa, may isang organisasyon sa inyong lugar ang nag-aalok ng *scholarship* sa kolehiyo at isa ka sa napili dahil sa mataas ang iyong mga

marka subalit panganay ka sa inyong magkakapatid at ikaw lang ang inaasahan na makakatulong sa inyong pamilya. Nagnilay ka at humingi ng mga payo sa mga nakakatanda at sa iyong magulang upang makapili ng tamang pasiya ayon sa sitwasyon. Dahil sa mga datos at pagninilay mo, mas pinili mong mag-aral sapagkat mas makakatulong ka sa iyong pamilya kung makakapagtapos ka ng pag-aaral.

Walang mapanagutang pagpasiya ang nagaganap nang walang kalayaan. Ayon kay Tomas de Aquino, “katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kaniyang kilos tungo sa maari niyang hantungan at itakda ang paraan upang makamit ito.” Nangangahulugan ito na malaya ang tao na gamitin ang kanyang kilos-loob upang pumili ng partikular na bagay o kilos. Ang tao ay nagtatakda ng kanyang kilos para sa kaniyang sarili. Ginagamit ng tao ang kalayaan upang magpasiya ayon sa kanyang nais at walang pwersa sa labas ng tao ang maaring magtakda nito para sa kaniya. Maari siyang mahikayat subalit hindi pwedeng pilitin. Ang kalaayang tinutukoy sa pagsunod galing sa pwersa sa labas ay hindi tumutukoy sa kalayaan na likhain ang kahihinatnan nito. Halimbawa, malaya ang isang mag-aaral na makipag-barkada kaysa mag-aral ng leksyon, subalit hindi siya malaya sa maaring kahahantungan nito kung kaya hindi siya makakuha ng mataas na marka sa kabila ng kanyang pinili. Samakatuwid, kakambal ng kalayaan ang pagiging mapanagutan sa lahat ng kilos na iyong gagawin. Hindi natin maiiwasan na harapin ang magiging resulta ng pasiya. Kung ang pipiliin mo ay kabutihan at ayon sa kilos-loob magiging maganda ang epekto nito sa iyong buhay. Kung ang pinili mo nama’y taliwas sa kabutihan, maaring magsisi tayo sa huli. Kung kaya’t gamitin natin ang ating kalayaan sa pagkamit ng magandang tunguhin sa buhay.

Ang ating **pagpapahalaga** rin ang isa sa mga haligi ng mabuting pagpapasiya. Kung hinihingi ng pagkakataon na tayo ay mamili, madalas na tinitimbang natin ang mga pamimilian batay sa kung ano ang mahalaga sa atin. Maaaring pinipili mo ang makapagtapos ng pag-aaral upang makahanap ng magandang trabaho at makamit mo ang iyong mga mithiin at pangarap sa buhay at makatulong sa iyong pamilya.

Samakatuwid, ang proseso ng mabuting pagpapasiya ay ang pagpili ng kilos batay sa isip at pagpapahalaga tungo sa paggawa ng tama at mabuti. Sa pamamagitan ng isip at pagpapahalaga, nakakapili, natitimbang, at nasasala natin ang mga impormasyon para makapili ng mabuting pasiya at angkop sa pagpapahalaga tungo sa magandang tunguhin sa buhay na nais.

Mga Hakbang sa Paggawa ng Mabuting Pasiya

Maaari rin nating suriin ang proseso ng mabuting pagpapasiya. Sundan lamang ang mga sumusunod na hakbang.

1. Magkalap ng kaalaman.

Ang pagiging tama o mali ng isang pagpapasiya ay nakasalalay sa mga katotohanan. Sa iyong kasalukuyang edad, maaaring hindi pa sapat ang iyong kaalaman ukol sa mga katotohanang ito; kung kaya mahalaga na ikaw ay sumangguni at humingi ng opinyon sa mga taong nakaaalam at mayroong sapat na karanasan tungkol sa mga bagay na iyong pinagninilayan. Halimbawa, isinangguni ni Marco sa kanyang ina kung



saang paaralan siya magpapatuloy ng pag-aaral at kung kailangan na magtrabaho habang nag-aaral o magpokus muna sa pag-aaral. Higit na marami na siyang mga kaalaman at karanasan na maaaring gamiting batayan sa pagbibigay ng payo. Higit na makatutulong kung makikinig sa iba't ibang pananaw upang makita mo ang problema sa iba't ibang anggulo. Ngunit mahalagang tandaan na magkakaroon lamang ng kabuluhan ang lahat ng ito kung bukas ang iyong isip sa pagtanggap ng mga mungkahi at payo mula sa ibang tao. Maaari din sumangguni sa mga mapagkakatiwalang impormasyon na makikita sa mga aklat, babasahin at *internet*. Sa makabagong teknolohiya, naging mas madali ang pagkalap ng impormasyon.

2. Magnilay sa mismong kilos.

Sa anumang pagpapasiya ng tao, mahalaga ang pagninilay sa mismong kilos. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na gabay:

a. Kailangan mong suriin ang uri ng kilos.

Tanungin mo ang iyong sarili: Ano ba ang aking binabalak na gawin? Ito ba ay naaayon sa pamantayan ng Likas na Batas Moral? Ito ba ay tama?

b. Mahalagang tanungin mo rin ang iyong sarili kung ano ba talaga ang iyong personal na hangarin sa iyong isasagawang aksiyon.

Mahalagang pagnilayan mong mabuti ang iyong isasagawang kilos dahil tiyak na makaaapekto ang iyong mga hangarin sa pagiging moral ng iyong kilos.

c. Mahalagang tingnan din ang mga pangyayaring may kaugnayan sa kilos.

Ang bawat kilos ng tao ay maaaring may epekto sa ating kapwa at sa ibang tao. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na suriin muna kung ano ang

magiging kahihinatnan ng iyong kilos bago ito isagawa. Halimbawa, kung ang iyong kapatid ay lagi mong iginagawa ng kaniyang mga gawaing-bahay at proyekto, nakatutulong ba ito sa kaniya? Hindi ba tinuturuan mo siyang maging palaasa at tamad? Hindi ito makatutulong sa kaniyang pagkatuto at paglago. Samakatuwid, kailangang isaalang-alang ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa aksiyon upang hindi magkamali sa isasagawang pasiya at kilos.

Pagkatapos makakalap ng kaalaman at mapagnilayan ang isasagawang pagpili ay mayroon ka nang kahandaan upang piliin ang sa iyong palagay ay tama at nararapat.

3. Maaaring manalangin bago isagawa ang pagpapasiya upang magkaroon ng mas malinaw na pag-iisip .

Para kay Mahatma Gandhi, ang panalangin ay isang aliyansa sa pagitan ng Diyos at ng tao. Ibig sabihin, ito ang daan upang maiparating sa iyong pinaniniwalaang Diyos ang mga kahilingan. Ang panalangin din ang pinakamabisang paraan na maaaring gawin upang ganap na maging malinaw ang ating pag-iisip sa pagbuo ng mabuting pasiya dahil ito ay isang paraan ng pagninilay. Ang panalangin ay isa sa mga paraan upang humingi ng gabay sa iyong pinaniniwalaang Diyos. Maliban sa mga pinaniniwalaan tungkol sa alituntunin at patakaran ng iyong relihiyon, ito rin ay makakatulong upang mas makapagnilay lalo na kung nahaharap sa sitwasyon na nangangailangan ng mabuting pagpapasiya. Mahalagang gawin ito upang magkaroon ng lakas na maisakatuparan ang anomang dapat gawin ayon sa paghuhusga ng sariling konsensya.

4. Tayahin ang damdamin sa napiling pasiya.


Mahalaga ring isaalang-alang ang ating damdamin o kalooban sa ating gagawing pagpili. Hindi lahat ng lohikal o makatuwirang pamimilian ay makabubuti sa atin. Kung minsan, ang napili nating pasiya ay hindi akma at minsan humahantong ito sa pagsisi. Kung kaya't, dapat natin itanong sa sarili kung ang pasiya na gagawin ay tama, angkop at makakabuti sa sarili at sa ibang tao. Bawat pasiya na ating gagawin ay siguradong magbibigay ng epekto sa iba. Mahalaga na ang pasiya ay pinag-isipan mong mabuti at nagtaya ng damdamin para rito. Halimbawa, nais ni Mat mag-aral ng medisina subalit hindi sapat ang kanilang badyet upang matustusan ang kaniyang pag-aaral. Kung kaya't nagpasiya siya na mag-apply bilang *student assistant* sa paaralan na gusto niyang pasukan makamit lang ang kanyang pangarap na maging doktor. Dahil dito nakapagtapos siya ng pag-aaral at nakamit niya ang kaniyang mithiin sa buhay.

5. Pag-aralang muli ang pasiya.

Kung nanatili sa iyo ang mga agam-agam sa ginawang pagpapasiya matapos gawin ang pagkalap ng mga kaalaman, pagninilay at pagdarasal, pagtataya ng damdamin, kailangan mong pag-aralan muli ang iyong pasiya at maging bukas sa posibilidad na magbago ang pasiya pagkatapos ng prosesong pinagdaan.

Maraming pagpapasiya pa ang iyong gagawin sa mga darating na panahon kung kaya mahalagang may sapat kang kaalaman tungkol sa pagbuo ng makabuluhang pagpapasiya sa uri g buhay. Mahalagang tandaan na sa bawat isasagawang pagpili, laging isasaalang-alang ang *mas mataas na kabutihan (higher good)*. Tao lamang ang biniyayaan ng isip at kilos-loob kung kaya mayroon siyang kakayahan na kilalanin at gawin ang tama at nararapat.

Habang lumilipas ang panahon ay lumalaki na ang hamon ng lipunan sa bawat indibidwal na mapanindigan ang tama at mabuti. Maraming mga isyu sa lipunan na tunay na susukat sa iyong moral na paninindigan. Kaya't kailangang sapat ang iyong kaalaman at kakayahan tungkol sa pagsasagawa ng mabuting pagpapasiya.



Pagyamanin

GAWAIN 4: Bunga Ng Kaalaman

Panuto: Unawain at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Paano ginagamit ang isip at kilos sa pagbuo ng mabuti at makabuluhang pasiya?

ISIP:

KILOS-LOOB:

2. Bakit kailangang isaalang-alang ang pagpapahalaga sa pagpili ng mabuti at makabuluhang pagpapasiya?

3. Sa pagbuo ng mabuti at akabuluhang pagpapasiya, gaano kahalaga ang pagsangguni sa ibang tao at ang panalangin?

4. Bakit kailangang pagnilayan ang isasagawang pagpapasiya?

GAWAIN 5: Buod-Diwa

Panuto: Bumuo ng isang akrostik mula sa salitang **PAGPAPASIYA**. Ang nilalaman nito ay may kaugnayan sa kahalagahan ng pagbuo ng makabuluhang pagpapasiya sa uri ng buhay na nais. Maaaring sumangguni sa iyong magulang o kapatid upang maisagawa ang gawain. Nasa ibaba ang rubrik upang maging gabay mo sa pagsulat.

P -
A -
G -
P -
A -
P -
A -
S -
I -
Y -
A -

	5 puntos	3 puntos	1 puntos	Puntos
Nilalaman	Lubos na makabuluhan ang akrostik at may kaugnayan sa kahalagahan ng mabuting pagpapasiya.	Makabuluhan ang akrostik at may kaugnayan sa kahalagahan ng mabuting pagpapasiya.	Hindi makabuluhan ang akrostik at walang kaugnayan sa kahalagahan ng mabuting pagpapasiya	
Kalidad	Maayos na nailahad ang mensahe at kaisipan gamit ang akrostik.	May ilang detalye o kaisipan na maaari pang isaayos upang maging makabuluhan ang mensahe.	Hindi maayos at malinaw ang mga kaisipang inilahad sa akrostik.	
Paggamit ng wika	May tamang paggamit ng mga salita, baybay at bantas ang mga pangungusap na ginamit.	May 3 hanggang 5 mali sa paggamit ng mga salita, baybay at bantas ang mga pangungusap na ginamit.	May higit sa limang mali sa paggamit ng mga salita, baybay at bantas ang mga pangungusap na ginamit.	
KABUOAN				



Isaisip


GAWAIN 6: Liwanag ng Pagkatuto

A. Panuto: Kompletuhin ang bawat pangungusap sa bawat bilang na may kaugnayan sa mabuting pagpapasiya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Natutunan ko na ang mabuti at makabuluhang pagpapasiya ay _____

2. Mahalaga ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa pagbuo ng mabuti at makabuluhang pagpapasiya upang _____

B. Panuto: Gamit ang mga graphic organizer sa ibaba, isulat ang mga mahahalagang konsepto na nabuo o nahinuha mo tungkol sa mga salik at proseso ng mabuting pagpapasiya.





Isagawa

GAWAIN 7: Pasiya ng Kasalukuyan

Panuto: Isipin mo na ikaw ang nasa sitwasyon sa ibaba. Gmait ang pormat sa ibaba, ibahagi ang iyong pasiya sa sitwasyon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Sitwasyon:

Nakikitaan ka ng iyong mga magulang, guro, at kaibigan ng angking galing sa matematika, agham, sining, at isports. Kung kaya ang iyong magulang ay binabalak na piliin mo ang Senior High School track na tungkol sa agham, teknolohiya, at matematika. Subalit mas nais mong piliin ang SHS track patungkol sa sining at isports dahil mahusay ka rin naman dito. Paano ka kaya magpapasiya ng iyong nararapat na tahakin pagdating ng SHS?

Pangangalap ng Kaalaman	Ano ang isasangguni ng mga sumusunod: (Maaari mong interbyuhin ang mga sumusunod upang makakalap ng kaalaman).	
	MAGULANG	
	GURO	
	KAIBIGAN	



Pagninilay sa sariling hangarin	Ano ang aking binabalak na gawin?	1. 2. 3.
	Ano ang aking personal na mga hangarin?	1. 2. 3.
	Anu-ano ang mga maaaring makakapekto sa aking mga kilos?	1. 2. 3.



Panahon at Pagtataya	Mabuti ba ang aking gagawin? Magiging masaya ba ako?	
	Kailan ko gagawin ang aking pasiya?	



ANG AKING KABUOANG PAGPAPASIYA
Ang aking pasiya ay _____ Ito ang aking pinili dahil _____ _____ _____

RUBRIKS SA PAGPAGMAMARKA	
May malalim at makabuluhang pagsusuri at paggawa ng mabuting pagpapasiya sa isinaad na sitwasyon. Replektibo rin at malinaw na isinaalang-alang ang mga salik na nakakaapekto sa kaniyang kilos. Organizado ng pagkakasulat at sumusunod sa itinakdang pormat.	5 puntos
May pagsusuri sa mga salik ng paggawa ng mabuting pagpapasiya batay sa isinaad na sitwasyon. Malinaw din na isinaalang-alang ang mga salik na nakakaapekto sa kaniyang kilos. Sumusunod sa itinakdang pormat.	3 puntos
Nangangailangan ng pagsusuri at pagsasaalang-alang ng mga salik sa paggawa ng isang pagpapasiya batay sa isinaad na sitwasyon. Hindi nakasunod sa itinakdang pormat.	1 puntos



Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang salita o pahayag na tinutukoy sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Bakit mahalaga na magkaroon ng mabuti at tamang pagpapasiya sa buhay? Ito ay upang _____
 - A. hindi makasakit ng kapwa
 - B. makilala mo kung sino ang tunay mong mga kaibigan
 - C. sa huli ay makatanggap ng pabuya
 - D. maging gabay sa pagkakaroon ng makabuluhang buhay at ganap na pagkatao
2. Sa anumang proseso ng pagpapasiya ito ang kadalasan at una nating hinihingi upang makagawa ng tama at mabuting pagpapasiya sa anumang bagay na inaasahan sa atin.
 - A. Himala
 - B. Pangarap
 - C. Panahon
 - D. Mithiin
3. Ayusin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagbuo ng mabuting pagpapasiya.
 - I. Mangalap ng mga kaalaman
 - II. Hingin ang gabay ng Diyos sa isasagawang pagpapasiya
 - III. Magnilay sa mismong aksiyon
 - IV. Pag-aralan muli ang pasiyang ginawa
 - V. Tayain ang sariling damdamin sa isasagawang pasiya
 - A. I, III, II, V, IV
 - B. III, IV, I, IV, V
 - C. I, III, V, IV, II
 - D. III, II, I, V, IV
4. Nakita ni Ethel ang isang grupo na nangunguha ng mga *endangered species* na *pitcher plant*. Pinaalalahanan niya ang mga ito na labag sa batas ang kanilang ginagawa subalit hindi sila nakinig. Kung kaya't tumawag agad siya sa kanilang kapitan upang iuulat ang sitwasyon. Anong instrumento sa mabuting pagpapasiya ang ginamit ni Ethel sa ginawang pasiya?
 - A. Pangarap at Mithiin
 - B. Isip at damdamin
 - C. kasanayan at Kalooban
 - D. Pag-ibig at Pagkukusa

5. Ayon sa ginawang pasiya ni Ethel, ano ang naging gampanin ng kanyang isip?
 - A. Pagtatakda ng gampanin batay sa sitwasyon
 - B. Pags-unawa ng sitwasyon upang maging batayan sa pagpili
 - C. Pagpapahalaga sa magiging resulta
 - D. Pagdamdam ng napiling pasiya

6. Habang kayo ay kumukuha ng pagsusulit sa asignaturang EsP, bumulong sayo ang iyong kaklase at humingi ng pabor na pakopyahin siya ng mga sagot mo. Anong mabuting pagapapsya ang gagawin mo?
 - A. Pagbibigyan mong makita ang iyong mga sagot
 - B. Magpapanggap kang hindi mo siya narinig
 - C. Hihingi ka ng pasensya at tatangihan mo siya
 - D. Sasabihin ang mga maling sagot sa kanya upang bumagsak

7. Pangarap ni Demar maging isang *licensed engineer*. Nakapasa siya sa *entrance exam* sa unibersidad. Kinausap siya ng *guidance counselor* upang alamin kung anong *field* ng *engineering* ang kukunin niya. Matapos magpasiya ni Demar ay may agam-agam pa din siya. Ano ang dapat niyang gawin?
 - A. Sundin ang gusto ng mga kaibigan
 - B. Kumuha ulit ng panibagong pagsusulit sa ibang kurso
 - C. Pag-aralan muli ang iyong pasiya na may kalakip na panalangin at mas ibayong pagsusuri.
 - D. Kausapin ang *guidance counselor* na siya na ang magpasiya

8. Para kay Mahatma Gandhi, ang panalangin ay isang aliyansa sa pagitan ng Diyos at ng tao. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito?
 - A. Ang relihiyon ang tanging makapagliligtas sa tao.
 - B. Dapat ay magsimba lagi tuwing araw ng Linggo.
 - C. Ang panalangin lamang ang tanging sagot sa lahat ng katanungan sa buhay.
 - D. Ang panalangin ang daan upang maiparating sa iyong pinaniniwalaang Diyos ang mga kahilingan.

9. Bilang isang indibidwal, ano ang dapat mong taglayin upang harapin ang mga isyung panlipunan sa susukat sa iyong moral na paninidigan? Kailangan mo ang sapat na kaalaman at kakayahan tungkol sa _____.
 - A. pagsasagawa ng moral na pagapapasiya
 - B. pagbibinata at pagdadalaga
 - C. patakaran sa paaralan at tahanan
 - D. pagkakaiba ng pangarap at mithiin

10. Alin sa mga sumusunod ang HINDI angkop na depinisyon ng mabuting pagpapasiya?

- A. Ito ay pagpapasiya na ayon sa impluwensya ng iba.
- B. Isang proseso kung saan malinaw na nakikilala o nakikita ng isang tao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay-bagay.
- C. Ito ay resulta ng pagpili ng kilos o aksyon ng isang indibidwal sa isang sitwasyon.
- D. Ito ay mahalagang proseso sa ating pagpili dahil sa pagsasagawa nito, hindi maiiwasan na tayo ay magdalawang isip sa ating gagawing pasiya.



Karagdagang Gawain

TALA NG PASIYA

Panuto: Sa pang-araw-araw na buhay natin ay may mga sitwasyon na kinakailangan natin bumuo ng pasiya. Itala sa tsart ang iyong gagawing makabuluhang pasiya na may kaugnayan sa iyong tungkulin bilang isang kasapi ng pamilya sa loob ng isang linggo gamit ang mga natutunang konsepto sa aralin.

Araw	Sitwasyon	Pinagpilian	Naging Pasiya
Lunes			
Martes			
Miyerkoles			
Huwebes			
Biyernes			
Sabado			
Linggo			

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Nalilinang (2)	Nagsisimula (1)
Nilalaman	Kumpleto at komprehensibo ang nilalaman ng tsart at mahusay na nailapat ang konseptong inaral.	May 1-2 na kulang sa tsart ngunit nailapat naman ang konseptong inaral.	May 1-2 kulang sa nilalaman ng tsart at hindi masyado nailapat ang konseptong inaral.	Lagpas sa tatlo ang kulang sa nilalaman ng tsart at hindi nailapat ang konseptong inaral.
Konteksto	Ang lahat ng inilahad sa tsart ay may kaugnayan sa tungkulin bilang kasapi ng pamilya.	Ang 1-2 na inilahad sa tsart ay walang kaugnayan sa tungkulin bilang kasapi ng pamilya.	Ang 3-4 na inilahad sa tsart ay walang kaugnayan sa tungkulin bilang kasapi ng pamilya	Higit sa apat na inilahad sa tsart ay walang kaugnayan sa tungkulin bilang kasapi ng pamilya
Gamit ng wika	Malinaw, maayos at tama ang baybay ng mga salita at pagbabantas.	Tama ang baybay ng mga salita at pagbabantas.	May 1-2 na mali sa baybay ng mga salita at pagbabantas.	May 3 o higit pang mali sa baybay ng mga salita at pagbabantas.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin	Balikan	Subukin
1. D	1. D. Mithiin	1. C
2. C	2. E. Pagpapahalaga	2. A
3. A	3. A. Hilig	3. D
4. B	4. C. Kasanayan	4. B
5. B	5. B. Talento	5. B
6. C		6. C
7. C		7. C
8. D		8. D
9. A		9. A
10. D		10. A

Sanggunian:

Aklat

Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Unang Edisyon (2012). Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. p. 97-121

Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral, Unang Edisyon 2017, Muling Limbag (2020). Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. p. 279- 282

Edukasyon sa Pagpapakatao-Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Unang Edisyon (2013). Kagawaran ng Edukasyon sa Pagpapakatao. p. 302

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph